

Mga Panganib sa Washington County

Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:

- Matitinding Temperatura sa Tag-init at Taglamig

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Take5toSurvive.com

Mag-ulat ng Pinsala

Mga pagkaputol ng serbisyo ng kuryente o nakalaylay na mga linya ng kuryente

General Electric:
503-464-7777 o
800-544-1795

Forest Grove Light and Power:
503-992-3250 o
503-412-2444 (after hours)

West Oregon Electric Cooperative:
503-429-3021 o
800-777-1276

Mga tagas ng gas

NW Natural:
Kung may maamoy kang bulok na itlog o sulfur, agad lisanin ang lugar at tumawag:
800-882-3377

Alamin ang mga panganib na maaaring mangyari sa lugar na tinitirhan mo



Maraming panganib na makakaapekto sa iyo sa Washington County. Saklaw ng flyer na ito ang mga lindol, baha, malalakas na hangin, at unos ng taglamig dahil ang mga ito ang pinakamalamang na mangyari o maaaring magdulot ng malawakang pinsala. Ang iyong layunin ay alamin ang mga posibleng epektong maaaring idulot ng bawat panganib para maituon mo sa mga ito ang iyong mga aktibidad sa pagiging handa.

Maging handa sa mga epekto

Ang susi sa pagiging handa ay pagkaalam sa kung anong mga panganib ang maaaring mangyari sa inyong lugar at kung paano makakaapekto ang mga ito sa buhay mo. Sa pagiging handa para sa mga epekto ng mga baha, lindol, unos ng taglamig, at malalakas

na hangin, magiging handa ka para sa mga epekto na maaaring idulot ng iba pang panganib. Alamin ang tungkol sa iba pang panganib sa pamamagitan ng pagbabasa sa Take 5 flyer na Matitinding Temperatura sa Taglamig at Tag-init.

Baha



Karaniwang nagbabaha sa tabi ng mga sapa at batis sa Washington County, pero maaari din itong mangyari sa mabababang lugar. Dalawang pangyayaring kaugnay ng lagay ng panahon ang nagdudulot ng pagbaha sa County: isang malakas na ulan sa loob ng maikling panahon, lalo na kapag dati nang basang-basa o nagyeyelo ang lupa, at malalakas na ulan sa loob ng mahabang panahon.

Kabilang sa mga epekto ng baha ang:

- pangangailangan ng mga tao na lisanin ang kanilang tahanan at maghanap ng makakanlungan
- malawakang pinsala sa ari-arian
- pagsasara ng mga negosyo na nakakaapekto sa ekonomiya sa lugar
- mga saradong daan at iba pang pagkaantala sa transportasyon

Mga lindol



Ang ilang aktibong fault na maaaring magsanhi ng mga lindol ay kilala sa loob at sa paligid ng Washington County. Ang Cascadia Subduction Zone ay nasa mga baybayin ng Oregon at Washington at maaaring lubhang makaapekto sa ating lugar. Hindi tulad ng mga unos ng taglamig at

pagbaha, nangyayari ang mga lindol nang walang babala. Para malaman ang iba pang impormasyon tungkol sa mga lindol sa Washington County, basahin ang Take 5 flyer na Pagiging Handa sa Lindol. Kabilang sa mga epekto ng lindol ang:

- Pinsala sa mga tahanan at iba pang gusaling pampubliko at pribado

Earthquakes, continued

- Maraming nasasaktan at namamatay
- Pinsala sa mga daan at tulay na dahilan kung bakit nagiging mahirap o imposibleng makarating sa trabaho, eskuwelahan, daycare, atbp. at hindi makarating ang supply sa mga tindahan

- Pinsala sa mga utility na nagiging dahilan ng mga pagkaputol ng serbisyo ng kuryente, walang serbisyo ng tubig, at walang sewer service (hindi makakapag-flush ng toilet). Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa paglilinis pagkaraan ng kalamidad sa pamamagitan ng pagbisita sa [EmergencyToilet.org](https://www.emergencytoilet.org)

Mga Unos ng Taglamig



Ang isang unos ng taglamig ay karaniwang isang pangyayaring tumatagal nang ilang araw na may kasamang pagbagsak ng niyebe, pagyelo, nagyeyelong ulan, at/o napakalamig na temperatura. Kabilang sa mga epekto ng unos ng taglamig ang:

- Ilang pulgada ng niyebe o nakakapinsalang yelo

- Pagkamatay at pinsala sa ari-arian
- Pagkaputol ng serbisyo ng kuryente, telepono, at internet na tumatagal nang maraming araw
- Mga daang maaaring masyadong mayelo o natatakpan ng niyebe at hindi ligtas na daanan ng sasakyan
- Pagsasara ng mga eskuwelahan sa loob ng ilang araw

Malalakas na Hangin



Ang malakas na hangin ay karaniwang isang maikling pangyayari na may mga kasamang nakakapinsalang hangin na higit pa sa 50 milya bawat oras ang bilis. Bagama't bihirang lumikha ng buhawi ang malalakas na hangin, nangyayari ang mga ito at maaaring magsanhi ng kapahamakan at malalaking pinsala sa ari-arian. Kabilang sa mga epekto ng malakas na hangin ang:

- mga hindi madaanang kalsada dahil sa bumagsak na mga puno o mga debris
- mga pagkaputol ng serbisyo ng kuryente
- pagsasara ng mga negosyo o eskuwelahan na maaaring tumagal nang ilang araw
- napakaraming kalat na aalisin